

Cardinal Tagle's speech at Walk for Life

'Lakas, hindi dahas,' Manila Archbishop Luis Antonio Cardinal Tagle says at the Walk for Life, a huge Catholic procession against killings in the Philippines

Rappler.com

Published 6:52 PM, February 18, 2017

(Below is Rappler's transcript of Manila Archbishop Luis Antonio Cardinal Tagle's speech at the Walk for Life on Saturday, February 18, where he [called for "active non-violence"](#) in the face of recent killings in the Philippines. The video of his speech is also embedded here.)



'LAKAS, HINDI DAHAS.' Manila Archbishop Luis Antonio Cardinal Tagle pushes for 'active non-violence' during the Catholic-led Walk for Life on February 18, 2017. Photo by Roy Lagarde/Rappler

Hello! Naririnig 'nyo ako diyan? (Crowd: "Yes!") Pasensya na kayo kung paos, ho. Nag-concert ako kagabi e (laughs). Hindi, hindi, hindi totoo 'yan. Babasahin ko 'yung message kasi baka makalimot ako sa sasabihin ko e. Ngiti naman kayo! Ngiti! Ngiti!

Papuri at pasasalamat sa Diyos na nagtipon sa atin sa araw na ito, at nagbigay ng lakas upang makapaglakad para sa buhay.

Alam po ninyo, ang paglalakad ay sagisag ng buhay. Ang patay, hindi nakakalakad. Ang paglalakad ay nakapagpapasigla rin ng buhay. Kaya hindi lang dapat lakad. Dapat, lakad ng buhay. Kasi 'yung iba, kung maglakad, parang hindi buhay e. Lakad ng buhay para sa buhay. Sige nga, paano ba 'yung lakad ng buhay? (laughs)

Salamat din sa Sangguniang Laiko ng Pilipinas. Palakpakan po natin sila. Sila po ang nagbuo ng programang ito. At salamat sa napakaraming dakilang laiko sa iba't ibang diyosesis, parokya, organisasyon, at movements. Mga laiko, dakila kayo. Dakila kayo.

Ito po ang pakiusap: Gawin ninyo araw-araw ang buhay na paglalakad para sa buhay. Hindi lamang ngayon. Araw-araw, maglakad para sa buhay. Saan? Sa tahanan, sa barangay, sa ating mga kalye, sa mga paaralan, sa tindahan, sa mga opisina, sa bangketa, sa mga umpuk-umpukan, sa sinehan, sa plaza, at sa lahat ng sulok at larangan ng lipunan.

Huwag titigil ng paglalakad para sa buhay. Araw-araw, lakad para sa buhay. Kasi kung minsan, kapag merong ganito, "Wow, ang sarap maglakad, kasi marami kami." Pero kapagka dalawa lang kami, nag-iisa ako, tamad na. Walang mangyayari kapag hindi tayo araw-araw naglalakad para sa buhay.

'Minsan nakakaiyak'

Sa atin hong panahon, kapansin-pansin ang paglaganap ng kultura ng karahasan, a culture of violence.

Nakalulungkot pong makita, minsan nakakaiyak, na parang natural na lamang, parang ordinaryo at natural na lamang, ang marahas na salita, marahas na tingin – naku, katatalas ng tingin! – marahas na ugali, marahas na kilos. Brasuhan at sindakan na lamang ang kalakaran. Unahan lang naman 'yan sa sindakan.

Kaya po ang isang mahalagang aspeto ng lakbay-buhay, lakad-buhay, ay ang pagpapalakas at pagpapalaganap ng kultura ng hindi marahas na pagkilos, o ang tinatawag nating active non-violence. Pakiulit nga. (Crowd: "Active non-violence!") Ulit! (Crowd: "Active non-violence!") Isa pa! (Crowd: "Active non-violence!")

Ang non-violence, hindi ibig sabihin, passive. Active. Subalit naniniwala tayo, hindi mapupuksa ang karahasan ng kapwa karahasan.

Kapag ang tugon sa karahasan ay karahasan din, nadoble ang karahasan. Hindi dapat dinodoble o pinalalaganap ang karahasan. Ito ay tinutumbasan ng non-violence.

Ang lakas ng katotohanan, ang lakas ng katarungan, ang lakas ng dangal, ang lakas ng pagkalinga, ang lakas ng pagdamay, ang lakas ng pag-unawa, ang lakas ng pagpapatawad, ang lakas ng pagkakasundo, ang lakas ng pagmamahalan, ang siyang pipigil sa nakamamatay na karahasan. Lakas, hindi dahas. Lakas, hindi dahas.

Pakiulit po: Lakas, hindi dahas! (Crowd: "Lakas, hindi dahas!") Kung bawat isa sa atin, bawat pamilya, at bawat pamayanan, BEC (Basic Ecclesial Community) ay gagawa araw-araw ng kilos-buhay, mayroong lakas laban sa dahas. Lakas, hindi dahas.

'Save lives'

Hindi po sapat ang diskusyon at sigawan lamang. Habang tayo'y nandito, maraming buhay na dapat nating iligtas. Sa inyong kapaligiran, sa inyong neighborhood, napakaraming buhay na dapat iligtas. At hindi sila maliligtas sa ating diskusyon. Save lives! 'Yan ang lakad-buhay.

Save lives. Iligtas ang inang nagbubuntis at ang sanggol sa kanyang sinapupunan. Iligtas ang mga nagugutom. Iligtas ang kabataan at ang mga bata sa lansangan sa droga, abuso, prostitusyon, pornography, sugal, at bisyo. Iligtas ang pamilya. Iligtas ang marangal na sekswalidad. Iligtas ang manggagawa at ang mga walang trabaho.

Iligtas ang dukha lalo na ang kababaihang nasa bingit ng human trafficking. Iligtas ang mga may kapansanan. Iligtas ang mga katutubo. Iligtas ang mga magulang na tumatangis dahil nawawala o pinaslang ang kanilang anak. Iligtas ang kalikasan, na punong-puno na ng sugat. Iligtas ang nasa panganib ang buhay.

Mga gawa ng malasakit at pag-ibig ang magliligtas sa buhay nila. Gawa ng malasakit at pag-ibig ang magliligtas sa buhay nila. Kung bawat isa sa atin po ay gagawa ng kanyang makakayanan, kasi hindi naman natin kaya na solusyonan lahat, pero kung bawat isa, gagawa ng kanyang makakayanan ayon sa kanyang estado sa buhay, lalaganap po ang kultura ng pag-ibig na nagliligtas ng buhay. Lakas, hindi dahas. Lakas, hindi dahas.

'Lumakad tayong mapagkumbaba'

At panghuli po, lahat po tayo, habang naglalakad ay magpakumbaba. Humingi po tayo ng tawad dahil naging bahagi rin tayo ng kultura ng karahasan.

Sabi po ni Hesus sa Ebanghelyo ayon kay San Mateo: "Narinig ninyo na noong una'y iniutos sa mga tao, huwag kang papatay. Ang sinumang makamatay ay mananagot sa hukuman. Ngunit ngayo'y sinasabi ko sa inyo: Ang mapoot sa kanyang kapatid ay mananagot sa Sanhedrin. At sinumang magsabi sa kanyang kapatid, "Ulol!" ay mapapasaapoy ng impiyerno."

Ang pagpatay at karahasan, nagsisimula sa pusong puno ng galit at poot.

Linisin nawa ng Diyos ang ating puso, isip, mata, labi, at kamay upang mapawi ang ugat ng karahasan. Gawin nawa niya tayong nararapat na daan ng buhay.

Lumakad po tayo araw-araw taglay ang paalaala ni Propeta Mikas. Ito ang sabi ng propeta. "Ito ang nais ng Diyos: Maging makatarungan ka sa lahat ng bagay. Patuloy mong ibigin ang iyong kapwa at buong pagpapakumbabang lumakad kasama ang Diyos.

Lumakad tayong mapagpakumbaba, hindi mayabang, hindi galit, hindi nagmamataas. Lumakad tayong nagpapakumbaba dahil ang kasama natin ay ang Diyos ng Buhay.

Sa Diyos na mahabagin, mapagpakumbaba, at mapagmahal, mayroong lakas, hindi dahas.

Maraming salamat po sa inyong lahat.

Ref.: <http://www.rappler.com/nation/161861-transcript-cardinal-tagle-speech-walk-for-life>

Look more here: www.catholicchurch.aboutphilippines.ph